REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Setyembre 24, 1998

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 392 s. 1998**

**"SUMMER DREAMIN"**

**Sa mga:** **Direktor ng Kawanihan**
**Direktor ng Rehiyon**
**Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Patnugot ng Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya**

1. Ang Philippine Educational Theater Association (PETA) at ang pangkabataang sangay nito, ang Metropolitan Teen Theater League (MTTL), sa pakikipagtulungan ng Children Youth Foundation (CYF), ay naglunsad ng isang mobile na pagtatanghal para sa mga kabataan na tinatawag na "Summer Dreamin."

2. Ang "Summer Dreamin" na hinango sa akda ni William Shakespeare na "A Midsummer Night's Dream" ay isinalin sa wikang Filipino bilang pagpapahalaga sa wikang sarili at upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na makilala ang mga mahuhusay na manunulat sa larangan ng literatura.

3. Bilang pagpapaunlad sa sariling kalinangan at kakayahan ng mga batang Pilipino, inaasahan na ang pagtangkilik sa proyektong ito sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga mag-aaral na lumahok sa kanilang mga programa at gawain na isasagawa sa kanilang mga paaralan ay makakatulong upang mapahalagahan ng kabataan ang Teatro at ang Kulturang Pilipino.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamamahagi: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

PUPILS STUDENTS THEATER